Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Bayan ng Baliwag

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

PINAGTIBAY SA PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BALIWAG, BULAKAN NA GINANAP NOONG IKA-17 NG PEBRERO 2014 SA BULWAGANG PULUNGAN NG BAHAY PAMAHALAAN.

Mga Dumalo:

Kgg.Christopher F. Clemente.....Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo.SB
Kgg. Jose Noel S. Pascual.....Kasangguni
Kgg. Andronicus O. Cruz.....Kasangguni
Kgg. Wilfredo A. Lapira..... Kasangguni
Kgg. Emmanuel T. Balicanta..... Kasangguni
Kgg. Marie Claudette P. Quimpo..... Kasangguni
Kgg. Lee Edward V. Nicolas..... Kasangguni
Kgg. Dionisio O. Agtarap..... Kasangguni
Kgg. Generoso S. Ligon..... Kasangguni
Kgg. Ferdinand V. Estrella..... ..... ABC-President

Lahat Dumalo:

-o0o-

KAPASIYAHAN BLG. 13
Taong 2014

ISANG KAPASIYAHAN NG PAGKAKALOOB NG KAPANGYARIHAN SA PUNONG BAYAN, KGG. CAROLINA L. DELLOSA, MD NA LUMAGDA SA DEED OF DONATION SA 1,000 SQ. METERS NA LUPA NA PAG-AARI NG PAMAHALAAN BAYAN PARA PAGTAYUAN NG BAGONG TANGGAPAN NG PULISYA NG BAYAN NG BALIWAG, BULAKAN

SAPAGKAT, kinakailangan ng lumipat ng Tanggapan ng Pulisya sa lupa na pagmamay-ari ng Pamahalaan Bayan na matatagpuan sa DRT Highway;

SAPAGKAT, mas madaling makita ang kanilang Tanggapan kung ito ay sa Highway mailalagay;

SAPAGKAT, masyado ng masikip ang kanilang Tanggapan sa kanilang lahat na transaksyon;

Kung kaya't sa MUNGKAHI ni Kas. Wilfredo A. Lapira na pinangalawahan ni Kas. Dionisio O. Agtarap.

IPINASIYA gaya ng dito'y ipinasisiya na pagtibayin ang isang kapasiyahan ng pagkakaloob ng kapangyarihan sa Punong Bayan na lumagda sa deed of donation SA 1,000 sq. meters na lupa na pag-aari ng Pamahalaan Bayan para pagtayuan ng bagong Tanggapan ng Pulisya ng Bayan ng Baliwag, Bulakan.

IPINASIYA pa rin na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang lahat ng Pinuno o Tanggapan na may kinalaman dito.

PINAGTIBAY.

==========

Pinatutunayan ko ang kawastuan ng pagkakasalin ng kapasiyahang ito.

JOSE ADOR D. CRUZ
Kalihim ng Sangguniang Bayan

Pinagtibay:

CHRISTOPHER F. CLEMENTE
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo, SB

Pinagtitibay:

CAROLINA L. DELLOSA, MD
Punong Bayan